IGNATIAN
INTERNATIONAL JOURNAL FOR MULTIDISCIPLINARY RESEARCH
www.icceph.com
ISSN 2984-9942

# SA PAGITAN NG SARILI AT BAYAN: PAGSUSURI SA *MEMOIR* NG MGA PILIPINONG INTERNASYONAL NA MAG-AARAL HINGGIL SA PERSONAL AT PANG-AKADEMIKONG PAG-UNLAD SA JAPAN

Rucelyn T. Soliven-Artuza

*Polytechnic University of the Philippines, Sta.Mesa, Manila, Philippines*

https://doi.org/10.5281/zenodo.19549996

## ABSTRACT

Ang pananaliksik na ito ay naglalayong suriin ang karanasan ng mga Pilipinong internasyonal na mag-aaral sa Kagoshima University, Japan, at maitala ang naratibo kung paano nahubog ang personal at pang-akademikong pag-unlad ng kanilang pag-aaral sa ibang bansa. Gumamit ang mananaliksik ng kuwalitatibong disenyo, at pitong kalahok mula sa Politeknikong Unibersidad ng Pilipinas at Unibersidad ng Pilipinas-Visayas ang nagbahagi ng kanilang mga *memoir* bilang pangunahing batis ng datos. Ang *Reflexive Thematic Analysis* ang ginamit upang bigyang-diin din ang papel ng mananaliksik sa pagbibigay-kahulugan sa mga isinulat ng kalahok. Ipinapakita ng mga resulta na ang karanasang internasyonal ay nagdudulot ng malalim na pag-unlad sa personal at akademikong antas, kabilang ang mas epektibong pakikitungo sa mga hamon ng banyagang kultura, pagpapatibay ng sariling identidad, at pagpapalawak ng ugnayan sa kaalaman at kultura ng bansa. Bukod dito, ipinapakita rin ng *memoir* ang kahalagahan ng paggamit ng wikang Filipino bilang daluyan ng intelektuwalisadong pagsasalaysay na nagpapalakas sa kolektibong kamalayan at pagpapatibay ng koneksyon sa bayan kahit nasa ibayong-dagat. Sa kabuoan, ipinakita ng mga kalahok ang kanilang aktibong partisipasyon sa patuloy na pagtataguyod ng kanilang personal at pang-akademikong pag-unlad na nakaugat sa layuning makapaglingkod sa bayan.

**Susing Salita***:* *Pilipinong Internasyonal na Mag-aaral, Edukasyon sa Japan, Personal at Pang-akademikong Pag-unlad, Lakbay-sanaysay, Talastasang Filipino*

## INTRODUKSYON

Sa kasalukuyang panahon ng globalisasyon, dumarami ang mga intelektuwal na kabataang Pilipino na pinipiling makapag-aral sa ibang bansa dulot ng pagnanais na mapalawak ang kanilang kaalaman, kasanayan, at pananaw sa larangang kanilang kinabibilangan. Ang pag-aaral sa ibang bansa ay kadalasang nakikita bilang hakbang tungo sa personal at propesyonal na pag-unlad, gayundin bilang ambag sa kolektibong kaunlaran ng bansang pinagmulan. Patunay nito ang datos mula sa UNESCO na sinipi mula sa ICEF monitor (2023) na nagsasaad na noong 2020 ay mayroong 26,162 na mga Pilipinong mag-aaral sa antas ng mas mataas na edukasyon sa ibayong dagat, at tumaas pa ito sa humigit-kumulang 62,000 noong 2022. Ipinapakita ng pagtaas na ito ang lumalawak na interes ng mga kabataang Pilipino sa internasyonal na edukasyon bilang mahalagang plataporma sa pagkamit ng kaalaman at paghubog ng kanilang papel bilang makabagong mamamayan sa pandaigdigang konteksto. Gayunman, kaakibat din nito ay ang iba't ibang hamon tulad ng interkultural na pag-aangkop, diskriminasyon, at ang tensyon sa pagitan ng sariling identidad at banyagang impluwensiya.

Ayon kina Rizvi at Lingard (2010), ang internasyonal na edukasyon ay isang usapin ng akademikong mobilidad at isang anyo rin ng *brain circulation* na may malalim na epekto sa pambansang kaunlaran, pagkakakilanlan, at transnasyonal na ugnayan ng mga mag-aaral. Ang *brain circulation* ay tumutukoy sa tuloy-tuloy na pagdaloy ng mga indibidwal na may kasanayan o propesyon – papunta at pabalik ng iba't ibang bansa kung saan hindi sila ganap na nawawala sa kanilang pinagmulan. Sa halip, sila ay nagbabalik, ito man ay pisikal o sa pamamagitan ng kaalaman, karanasan, at ugnayang kanilang naipon upang maibahagi ang mga ito sa kanilang komunidad o institusyon.

Sa ganitong konteksto, kabilang ang mga kalahok na mag-aaral sa papel na ito na nagtungo sa ibang bansa upang magpakadalubhasa sa kani-kanilang larangan, gayundin ang mga propesyonal mula sa iba't ibang sektor na lumalahok sa mga programang nagpapalawak ng kanilang kaalaman at pananaw. Kabilang din dito ang mga programang lakbay-aral na naglalayong bigyan ng pagkakataon ang mga piling kabataang Pilipino na maranasan ang imersyon sa ibayong-dagat na daan upang mapalalim ang kanilang pag-unawa sa ibang kultura habang pinagyayaman ang sariling pagkakakilanlan. Sa parehong diwa, aktibong nakikilahok ang mga unibersidad at sektor ng pamahalaan sa pagpapadala ng mga kinatawan ng bansa upang mag-aral, makibahagi, at makipagpalitan ng karunungan at kultura sa pandaigdigang entablado.

Isang kongkretong halimbawa ng internasyonal na ugnayang pang-edukasyon ay ang Exchange Student Program sa pagitan ng Politeknikong Unibersidad ng Pilipinas (PUP) at Kagoshima University (KU) sa Japan. Bukod sa programang nabanggit, nakasaad din sa kasunduang nilagdaan noong 2018 ang ilang mahahalagang gawaing pang-akademiko, kabilang na ang pagpapalitan ng mga kaguruan at mananaliksik, pagpapalitan ng mga kawani ng administrasyon at propesyonal na tauhan, kolaborasyon sa mga proyektong pananaliksik, at palitan ng mga publikasyon.

Layunin ng pananaliksik na ito na masuri ang mga karanasan ng mga Pilipinong mag-aaral sa Kagoshima, Japan at upang maitala ang mga danas na madalas ay nananatiling tahimik sa antas ng personal na gunita o kung minsan ay mga karanasan kinalilimutan na lamang dahil hindi ito madalas naisusulat, naipapasa, o naisasalaysay man lamang. Kaya, sa pamamagitan ng paglalantad sa mga naratibong ito, matutukoy kung paanong ang mga kolektibong gunita ng mga Pilipinong mag-aaral ay nakapaglalarawan ng isang uri ng komunidad na kahit nasa ibayong-dagat ay patuloy na bumubuo ng ugnayan sa inang bayan. Sa ganitong konteksto, mahalagang bigyang-diin ang natatanging kalagayan ng mga kalahok bilang mga internasyonal na mag-aaral na nagtungo sa ibang bansa hindi upang magtrabaho ngunit upang mag-aral, at ang layon ng kanilang paglalakbay ay nakatuon sa paglinang ng kaalaman, kasanayan, at identidad.

Mula rito, masasabing naiiba ang kanilang karanasan sa karaniwang naratibo ng migrasyon, sapagkat higit na nangingibabaw ang akademikong adhikain at intelektuwal na pag-unlad kasabay ng patuloy na pag-uugnay sa kanilang pagiging Pilipino sa gitna ng paninirahan sa ibang bansa. Sa katunayan, may mga pag-aaral na hinggil sa mga karanasan ng mga internasyonal na mag-aaral na nakatuon sa akademikong pag-aangkop, *adjustment issues, academic performance,* at *global competitiveness*; subalit nananatiling kulang ang pagtanaw sa kanila bilang bahagi ng tinutukoy ni Benedict Anderson na Imagined Communities. Kaugnay nito, mahalagang kilalanin ang kanilang papel bilang bahagi ng *intelligentsia* – mga edukadong indibidwal na may kakayahang lumikha at magpalaganap ng mga naratibong humuhubog sa kamalayang panlipunan at pambansa. Sa ganitong pananaw, ang mga Pilipinong mag-aaral sa Kagoshima University ay hindi lamang produkto ng globalisadong edukasyon ngunit mga aktibong tagapagdala at tagapagsalaysay ng kolektibong pagkabansa sa pandaigdigang konteksto. Ang kanilang mga karanasan at pagsulat ay nagiging ambag sa patuloy na pagbuo at pag-unawa sa pagiging Pilipino sa ibayong-dagat.

Nagkakaroon ng *imagined communities* sa hanay ng *intelligentsia* sapagkat sila ang nagsisilbing tagalikha at tagapagpalaganap ng mga ideya, wika, at naratibo na nagbubuklod sa mga indibidwal tungo sa isang kolektibong kamalayan. Ayon kay Benedict Anderson (1983), ang isang "bansa" ay hindi kailangang pisikal na magkakasama ang mga kasapi nito upang maramdaman ang pagkakaisa; sa halip, ito ay iniimagine sa pamamagitan ng mga ibinahaging karanasan at diskurso na naipapasa sa pamamagitan ng wika at teksto.

Sa kontekstong ito, mahalaga ang papel ng *intelligentsia* sa ilang mahahalagang paraan. Una, sa pamamagitan ng pagsulat at publikasyon, ang mga edukadong indibidwal tulad ng mga manunulat, iskolar, at guro ay lumilikha ng mga tekstong nagiging daluyan ng pagbabahagi ng karanasan at ideya na sa kalaunan ay nagdudulot ng pakiramdam ng koneksyon sa pagitan ng mga mambabasa kahit hindi sila magkakakilala (Anderson, 1983). Ikalawa, sa paggamit ng wika, nagkakaroon ng iisang daluyan ng pag-unawa na nagsisilbing sisidlan ng kolektibong alaala at identidad, kaya't napagbubuklod ang magkakaibang indibidwal sa ilalim ng isang pinagsasaluhang kamalayan (Anderson, 1983). Ikatlo, sa pagbuo ng kahulugan ng "bayan," ang *intelligentsia* ay hindi lamang

naglalarawan ng realidad ngunit aktibong nagbibigay-hugis sa konsepto ng pagkabansa. Sa ganitong paraan, ang *imagined communities* ay hindi lamang isang abstraktong konsepto ngunit isang patuloy na binubuong realidad sa pamamagitan ng intelektuwal na produksiyon at pakikipag-ugnayan.

Bukod dito, ninanais din ng mananaliksik na makikilala ang *travel memoir* bilang isang makabuluhang anyo ng panitikan na nagsisilbing lunsaran ng pagninilay at pagkilatis sa sarili bilang bahagi ng mas malawak na danas ng pangingibang-bayan. Ayon nga kay Cristina Pantoja Hidalgo (2005, pah. 160), sa Pilipinas, ang travel writing ay matagal nang naiuugnay lamang sa mga *tourist brochures* at *guidebooks,* sa halip na ituring bilang isang lehitimong anyong pampanitikan. Sa kontekstong ito, ang paggamit ng *travel memoir* ay hindi lamang isang anyo ng malikhaing pagsasalaysay na maaaring maglaman ng mga paksa hinggil sa mga intelektuwal na gawain. Ito rin ay naratibo na maihahanay sa tungkulin ng *intelligentsia* kung saan ang mga manunulat ay lumilikha at nagpapalaganap ng mga naratibong humuhubog sa kamalayang panlipunan at kultural (Benedict Anderson, 1983). Sa pamamagitan ng pagsulat ng kanilang mga karanasan, ang mga Pilipinong mag-aaral ay hindi lamang nagtatala ng personal na gunita subalit nakikilahok din sa pagbuo ng isang kolektibong kamalayan na nag-uugnay sa kanila sa kapwa Pilipino o sa ibang mga dayuhan sa loob at labas ng bansa.

Kaya, ang paglalakbay na hindi pa ganoon na nabibigyan ng espasyo sa akademiya dapat na pagtuonan ng pansin at marapat kilalanin ang paggamit ng talastasang F/Pilipino. Isang pagsulong at panghihikayat na mapaloob ang danas sa anyong tapat, buo, at nakaugat sa pagkatao. Ang wikang Filipino ay hindi lamang kasangkapan ng komunikasyon, isa rin itong wika ng intelektuwalisasyon. Kaugnay nito, ang paggamit ng wikang Filipino bilang daluyan ng pagsasalaysay ay isang maingat na pagpapasya na naglalayong buhayin ang diskursong nakaugat sa sariling wika at kultura, gayundin ay maiwasan ang paglayo o pagkalayo ng salaysay mula sa tunay na karanasan ng tagapagsalita kung ito ay isusulat sa wikang banyaga. Kaya, lubos na maipapahayag ng mga mag-aaral ang kanilang danas sa paraang higit na totoo sa kanilang kamalayan, damdamin, at konteksto bilang mga Pilipinong nasa ibayong-dagat.

Isa sa mga mahalagang bagay bilang isang internasyonal na mag-aaral ay ang patuloy na paglawak ng kanyang karanasan sa larang ng edukasyon, at ang pag-aaral sa ibang bansa sa pamamagitan ng ilang mga programa ay humuhubog hindi lamang sa akademikong kaalaman ngunit maging sa personal at kultural. Ito ang patuloy na sinisikap at pinapangarap ng ilang mga Pilipinong mag-aaral na makapagtungo at makapag-aral sa ibang bansa. Ito ay buhat sa mga sumusunod na dahilan: pagnanais na mapabuti ang kanilang kaalaman sa banyagang wika; pagpapabuti pa sa kanilang kaalaman sa akademiya; at ikahuli ay ang pagnanais na makapagtatag ng mga kapaki-pakinabang na koneksyon (Messer & Wolter, 2007; Khamkhong, et.al., 2024). Dahil sa patuloy na pagdami ng mga Pilipinong mag-aaral sa ibayong-dagat, higit na nagiging mahalaga ang sistematikong pagtatala at pagsusuri ng kanilang mga karanasan. Katulad ng pagbibigay-halaga sa danas ng mga Overseas Filipino Workers sa iba't ibang larangan at disiplina ng pananaliksik, nararapat ding igawad ang kaukulang pagkilala at pag-unawa sa mga karanasan ng mga Pilipinong mag-aaral sa ibang bansa. Ganoon sinisikap ng papel na

ito na punan ang kakulangan sa kaalaman hinggil sa danas ng mga Pilipinong mag-aaral sa Japan, gamit ang wikang Filipino bilang kasangkapan sa mas malalim na pag-unawa sa kanilang akademiko, propesyonal, at personal na paglago sa gitna ng transnasyonal na konteksto.

Ayon kay Abdallah at Guhao (2025), mahalaga ang karagdagang pananaliksik upang makuha at maitala ang mga paglalakbay ng mga Pilipinong mag-aaral sa iba't ibang bansa. Ang paglipat o pagtungo ng mga Pilipinong mag-aaral sa ibang mga bansa ay isang lumalagong penomena na nagbubunga ng sari-saring karanasan. Tulad na lamang ng sumusunod na impormasyon sa ibaba na naglalayong magbigay ng isang komprehensibong pagtalakay sa mga naunang pag-aaral, tuklasin ang mga pangunahing tema, metodolohiya, at mga natuklasan hinggil sa mga hamon, adaptasyon, at tagumpay ng mga Pilipinong mag-aaral sa kanilang paglalakbay sa ibang bansa. Mula sa pag-aaral na The Learning Experiences of Filipino Students in an International Exchange Program in Thailand na isinulat nina Khamkhong *et al.* (2024), sinuri ang iba't ibang karanasan ng mga Pilipinong mag-aaral hinggil sa Exchange Program sa bansang Thailand. Mula sa pag-unlad ng kanilang kalagayang pang-akademiko, kultural, at personal, makikita na sila ay mayroong sapat na kasiyahan sa kabuoang aspekto ng programa tulad ng mga hinggil sa kaayusan, sa mga lokal na indibidwal, kaligtasan, kultura, at transportasyon; subalit mayroong mababang marka hinggil sa haba ng panahon ng pananatili at ang karanasan sa dormitoryo. Masasabi na ang maikling panahon ng palitan na tumagal lamang ng isang buwan ay hindi sapat upang magkaroon ng malalim na integrasyon sa lokal na komunidad. Kabilang din sa mga limitasyon na ito ay ang kakulangan ng masusing pagtalakay sa hadlang sa wika na maaaring nakaaapekto sa akademiko at sosyal na karanasan ng mga kalahok, at ang limitadong pagkakaiba-iba sa hanay ng mga kalahok na nagpapaliit sa lawak ng pananaw na naisama sa pag-aaral. Maging ang kawalan ng pagsusuri sa akademikong pagganap ng mga mag-aaral habang nasa gitna ng palitan ay nag- iiwan ng puwang sa pagsukat ng naging karanasan sa akademikong kalagayan. Samantala, sa artikulo naman ni Takaya na Needs Assessment for Exchange Students in Taiwan (2016), siniyasat din ang hinggil sa karanasan ng mga Exchange Students mula sa Pilipinas at Mainland China upang matugunan ang pangunahing pangangailangan habang nag-aaral sa Taiwan. Mahalaga na maunawaan ang pangangailangan sa pamamagitan ng pagsusuri sa kanilang karanasan upang mapataas ang antas ng satispaksyon ng mga mag-aaral sa kanilang internasyonal na karanasan. Ang mga kaso ng mga Pilipinong mag-aaral ay ang pagkakaroon ng kahirapan sa pagkumpleto ng mga dokumentong nakasulat sa tsino, at kakulangan ng mga espesyalisadong kurso sa Ingles. Sinisikap na ipakita sa pag-aaral na ang mga boses ng mga mag-aaral ay mahalaga para maunawaan ang kanilang mga pangangailangan habang nag-aaral sa Taiwan, at upang makamit ang internasyonalisasyon ng mas mataas na edukasyon, mahalaga na ang mga lokal na administrador, kawani ng pagtuturo, at mga mag-aaral ay magtulungan upang magbigay ng mga serbisyo ng suporta na talagang tumutugma sa mga pangangailangan ng mga exchange student. Gayunman, mahalaga na makita rito kahalagahan ng paggamit ng wikang Filipino kaysa sa wikang Ingles sa pakikipanayam upang mas maipahayag ng mga Pilipinong mag-aaral ang kanilang danas sa sariling wika.

Sa bagong pag-aaral na isinulat ni Abdallah at Guhao noong 2025 na pinamagatang Filipino Graduate Students in Foreign Universities: A Phenomenological Inquiry, sa pamamaraang penomenolohikal naman nais suriin at maunawaan ang karanasan ng mga mag-aaral – pagtatala ng hamon, pagharap sa mga hamon na ito, at ang mga pananaw hinggil dito. Natuklasan sa pag-aaral na ito na ang mga mag-aaral na nagtapos at nagkaroon ng mga sumusunod na karanasang tulad ng mataas na pamantayan, de-kalidad na edukasyon, pakikipag-ugnayan sa iba't ibang nasyonalidad, personal at propesyonal na paglago, pagkakahanay sa mga akademikong kwalipikasyon, pagkakaroon ng adbentahe sa pag-aaplay ng trabaho, paggamit ng pinakabagong teknolohiya, at pagkakaroon ng pagsasanay sa pamumuno. Ang pag-aaral na ito ay nakakahon pa rin sa mga hamon na kinaharap ng mga mag-aaral sa wika hanggang sa pag-aangkop sa kultura na mayroong malaking gampanin sa kaunlaran ng kanilang personal at propesyonal na paglago. Ikahuli ay ang artikulong Cross-border education: The Experiences of Filipino Scholars Educated in South Korea nina Ancho at Park (2021), sinuri sa pag-aaral na ito ang isa sa mga kaso ng *brain drain* at ang pananatili ng mga mag-aaral sa maunlad na bansa ng Korea. 74 na iskolar ang lumahok sa pananaliksik subalit matapos ang kanilang pag-aaral, kalahati na lamang ang nagdesisyong bumalik upang mapaunlad ang Pilipinas. Bagaman sinuri sa pag-aaral na ito ang mga kaso ng tinatawag na brain drain kung saan tinalakay ang desisyon ng mga iskolar na manatili o bumalik sa Pilipinas matapos ang kanilang pag-aaral sa Korea, ito ay nakasentro pa rin ito sa usapin ng kontribusyon sa bansa batay sa praktikal at propesyonal na desisyong bumalik o hindi. Hindi pa lubos na naipapakita kung paano binubuo ng mga internasyonal na mag-aaral ang kanilang pananaw hinggil sa Pilipinas habang sila ay nasa ibang bansa. Kadalasang nakapokus ang mga ganitong pag-aaral sa epekto ng migrasyon sa kaunlaran o kakulangan sa *workforce,* sa halip na tuklasin ang mga replektibong anyo ng pag-unawa sa pagka-Pilipino at ang muling pagbubuo ng ugnayan sa bayan sa pamamagitan ng naratibo at personal na pagsusulat.

Sa pagtalakay ng iba’t ibang karanasan ng mga mag-aaral sa Korea, hindi maitatanggi na isa sa kahinaan ng artikulo ay ang tanging pagtalakay sa positibong bagay lamang – nagkulang sa usapin ng pagtalakay sa negatibong karanasan tulad ng diskriminasyon, problema o hamon na kinaharap, at ang hindi maayos na pagpapaliwanag ng mga sagot sa resulta dulot na hindi ganoon kaangkop ang metodo na ginamit sa pag-aaral. Gumamit lamang ang mga mananaliksik ng *survey questionnaires* at hindi nagkaroon ng malalim at makabuhuluhan na pagtalakay sa pamamagitan ng interbyu. Kaya mainam ang paggamit ng malikhaing anyo ng pagsasalaysay tulad ng *travel memoir* bilang kasangkapan ng dokumentasyon at repleksiyon sa karanasan ng pangingibang-bayan. Walang sapat na pag-aaral na ginagamit ang panitikan ng paglalakbay bilang primaryang batis ng datos o pagsusuri ng mga *memoir* bilang ambag sa kolektibong kamalayan ng mga Pilipinong internasyonal na mag-aaral. Ang ganitong kakulangan ay maaaring punan sa pamamagitan ng pagtuon sa personal na naratibo gamit ang malikhaing pagsulat. Nanatiling kakaunti ang mga pag-aaral na nakatuon mismo sa kanilang mga karanasan lalo na kung ihahambing sa mas malawak at mas marami nang pananaliksik tungkol sa pag-alis at paglalakbay sa pangkalahatan.

## Paglalahad ng Suliranin

Ano-ano ang mga personal at pang-akademikong pag-unlad bilang isang Pilipinong internasyonal na mag-aaral sa Kagoshima University?

## METODOLOHIYA

Ang pananaliksik na ito ay gumamit ng kuwalitatibong disenyo upang maunawaan ang kahulugang iniuugnay ng mga Pilipinong mag-aaral sa kanilang mga karanasan bilang internasyonal na mag-aaral sa Kagoshima University sa Japan at binibigyang-halaga ang kanilang mga personal na salaysay bilang mahalagang batis ng kaalaman sa konteksto ng internasyonal na edukasyon. Sa pamamagitan ng *purposive sampling*, pinili ang pitong (7) boluntaryong kalahok mula sa Politeknikong Unibersidad ng Pilipinas (PUP) at University of the Philippines Visayas (UPV). Isinagawa ang pangangalap ng datos sa pamamagitan ng pagsulat ng *memoir* at binigyan ang mga kalahok ng gabay at sapat na panahon upang mailahad ang kanilang mga karanasan. Ang ginamit na instrumento ay hango sa aklat ni Cristina Pantoja Hidalgo na *CNF: A Manual for Filipino Writers* na nagsilbing gabay na mga kalahok upang masinop ang paglalahad ng karanasan mula sa kongkretong tagpo hanggang sa mas malalim na pagninilay, at isinulat ang mga ito sa wikang Filipino upang higit na maipahayag ang damdamin at kamalayang pambansa. Para sa pagsusuri ng datos, ginamit ang *Reflexive Thematic Analysis (RTA)* na nagbibigay-diin sa aktibong papel ng mananaliksik sa pagbibigay-kahulugan sa datos sa pamamagitan ng anim na yugto. Nalilimitahan ang pag-aaral sa kontekstuwal at masusing pag-unawa sa karanasan ng pitong kalahok at hindi nito layuning kumatawan sa kabuuang populasyon ng mga Pilipinong mag-aaral sa Japan.

## RESULTA AT PAGTALAKAY

### Mga Personal na Pag-unlad at mga Pang-akademikong Pagsulong Tungo sa Paglilingkod sa Bayan

Ang pagtungo sa ibang bansa upang makapag-aral ay isang kompleks at masalimuot na paglalakbay na naglalaman ng samu't saring karanasan – mula sa personal na paglago hanggang sa pang-akademikong pag-unlad. Bilang mga kinatawan ng Pilipinas, ang mga internasyonal na mag-aaral sa Kagoshima University ay tumatahak sa landas ng pagkatuto at transpormasyon. Ang transpormasyong ito ay sumasaklaw sa pagbabago ng pisikal na kapaligiran at ang malalim na pagbabagong nagaganap sa panloob na daigdig ng kanilang pagkatao. Sa gitna ng pagharap sa banyagang kultura na may iba't ibang wika at mga hamon, muling kinilala at masinsing sinuri ng mga mag-aaral ang kanilang sarili. Naitaguyod nila ang mga personal na mithiin at nahubog ang isang identidad na nakaugat sa layuning makapaglingkod sa bayan. Ang temang tinatalakay sa bahaging ito ay ang pagiging kinatawan ng bansa sa isang internasyonal na akademikong espasyo. Mula rito, masasabing ang edukasyon sa ibang bansa ay hindi lamang personal na ambisyon ngunit maaari ring tingnan bilang isang kolektibong proyekto ng paglinang

ng kaalaman at kakayahang maihahandog sa bayan. Ipinapahiwatig ng temang ito na ang kanilang akademikong pagsulong ay nakaugat sa kamalayang sila ay bahagi ng isang mas malaking komunidad. Ito ay isang bansang patuloy nilang dinadala sa kanilang pag-aaral, pangarap, at layuning makapaglingkod sa Pilipinas.

Ang kanilang karanasan ay nagpapakita ng isang uri ng identidad na may transnasyonal na kamalayan – kung saan ang sarili ay sabayang nakaugat sa alaala ng bayan at nabubuo sa aktwal na interaksyon sa kultura ng dayuhang espasyo. Sa pagbubukas pa lamang ng kanilang mga *memoir* o unang bahagi, malinaw ang pagbabagong nadarama nila sa aspekto ng pagkatao. Ayon kay Rey, "*Natutuklasan mo hindi lang ang ganda ng Japan, kundi pati ang lakas ng loob mo,"* isang pahayag na nagpapahiwatig ng introspektibong paglalakbay na higit pa sa pisikal na pag-alis sa bansa. Para naman kay Winter, ang buhay sa Kagoshima ay naging daan upang palalimin ang kakayahang harapin ang mga hamon sa buhay; at *"Tinuruan ako ng Kagoshima na mas maging matatag pa sa harap ng mga pagsubok."* Sa ganitong mga naratibo, makikita ang pagbubuo ng *transnasyonal na sarili*—isang pagkataong nililikha sa gitna ng dayuhang espasyo ngunit patuloy na nakaugat sa pagka-Pilipino. Gaya ng binigyang-diin ni Aguilar (2015), nagkakaiba-iba ang kalagayan sa tinubuang-lupa at sa lupang tinutuluyan na bahagi ring naaapektuhan ng interes ng mga estado, at nagbubunsod ng pagbabago sa damdamin ng koneksyon o pagkakahiwalay ng mga taong nasa dispersyon sa isa o sa dalawang lugar.

Sa karanasan ng mga Pilipinong mag-aaral, ang pananatili sa ibang bansa bagaman puno ng hamon ay nagsilbing salamin ng kanilang pagkatao kung saan mas nakikilala nila ang sarili sa gitna ng dayuhang espasyo at muling sinusuri ang koneksyon sa sariling bayan. *"Ngayon, masasabi kong mas kilala ko na ang sarili ko, hindi dahil iniwan ko ang Pilipinas, kundi dahil isinama ko ito sa bawat hakbang ng pagbabago,"* wika ni Rey na isang mahalagang pagbubunyag ng damdaming hindi lamang nakaugat sa paglalakbay ngunit sa muling pag-aangkin ng sariling kultura.

Ipinapakita mula sa kanilang mga isinulat ang paglalakbay patungo sa kamalayan na isinasabuhay sa pamamagitan ng adaptasyon sa bagong kultura, pamumuhay nang mag-isa, at pagharap sa mga pagsubok. Ang pag-unlad ay hindi lamang praktikal ngunit ito ay introspektibo dahil sa pagsasaalang-alang kung sino sila bilang mga Pilipino sa isang internasyonal na konteksto. Sa pananaw ni Anderson (2006, pah. 6), ang nasyonalismo at pambansang identidad ay umuusbong mula sa mga *shared acts of imagination*, ito ay ang pag-iisip ng mga tao sa kanilang sarili nila bilang bahagi ng isang komunidad kahit hindi nila personal na kilala ang iba nitong kasapi. Sa kaso ng mga Pilipinong internasyonal na mag-aaral, ang kanilang paghubog sa sarili bilang mas matatag, may kamalayan, at may dalang kultura ng pagiging Pilipino sa isang banyagang konteksto ay anyo ng aktibong partisipasyon sa imahinasyong Pambansa.

Ang mga salaysay ng mga Pilipinong mag-aaral sa Japan ay nagpapahiwatig ng pagkakaroon ng malalim na personal na transpormasyon sa gitna ng kanilang paglalakbay sa isang banyagang bansa. Mula sa pagkamangha sa *ganda ng Japan* tungo sa *pagtuklas ng lakas ng loob*, ipinapakita rito na ang espasyong transnasyonal ay hindi

lamang tagpuan ng kaalaman ngunit isang larangan ng panloob na pagbubuo ng sarili. Sa pananaw ng mga kalahok, ang edukasyon sa Japan ay naging daluyan ng katatagan, kamalayang pansarili, at pagtuklas sa sarili. Ang pahayag ni Mher na *“mas kilala ko na ang sarili ko, hindi dahil iniwan ko ang Pilipinas, kundi dahil isinama ko ito sa bawat hakbang ng pagbabago”* ay malinaw na sumasalamin sa pagsasama ng nasyonal na identidad sa proseso ng personal na pag-unlad. Sa halip na iwanan ang bansa sa kanyang paglalakbay, bitbit ng mag-aaral ang nasyon bilang bahagi ng kanyang pagkatao na nagpapatingkad sa kanyang pagbabago. Ipinapakita rin sa karugtong ng kanyang salaysay kung paanong ang kanyang pagyakap sa bagong kultura ay hindi nangangahulugang paglimot sa sariling pinagmulan. Bagkus, ito ay isang uri ng pagtanaw na ang pagkilala sa sarili ay mas tumitindi kapag may kamalayan sa sariling tinig: *“yakapin ang bagong kultura, pero huwag hayaang matabunan ang sariling tinig. Sa pagtanggap sa iba, mas makikilala mo kung sino ka.”*

Kaya, makikita sa mga karanasan ng mga Pilipinong mag-aaral sa Japan na ang pagyakap sa bagong kultura ay hindi nangangahulugang paglimot sa sariling identidad. Sa kanilang pag-aaral ng Nihongo at paggamit nito sa klase at pang-araw-araw na transaksyon, naipapakita ang kanilang pagsisikap na makibagay sa lipunang Hapon. Gayunpaman, nananatiling buhay ang kanilang paggamit ng Tagalog o Filipino tuwing kasama ang kapwa Pilipino na nagsisilbing tanda ng patuloy na pag-uugnay sa sariling pinagmulan. Kasabay nito, makikita rin ang pag-angkop nila sa mga gawi at disiplina ng Japan gaya ng pagiging maagap, masinop, at maingat sa pakikitungo sa kapwa. Ngunit sa kabila ng pagsunod sa mga pamantayang ito, hindi nawawala ang mga pagpapahalagang Filipino tulad ng pakikipagkapwa, pagiging maalaga, at diwa ng bayanihan, lalo na sa pagtulong sa mga kababayang bagong dating o nangangailangan ng suporta. Sa ganitong paraan, nagiging malinaw na ang kanilang *cultural adjustment* ay isang proseso ng pagdadagdag, hindi pag-aalis ng sariling kultura. Higit pang pinagtitibay ito ng kanilang pakikipagkaibigan sa mga Hapones at pagsali sa mga *cultural events* kung saan natututo silang makibagay at makisama sa bagong komunidad. At sa mga ganitong interaksyon, patuloy nilang ipinapakilala ang kanilang sarili bilang Pilipino sa pamamagitan ng pagbabahagi ng Kulturang Pilipino. Ang ganitong pag-angkin sa sariling identidad ay nagpapakita ng paninindigan na ang pakikibahagi sa ibang kultura ay hindi pagsuko sa sariling pagkatao.

Masasabin ding ang nasyonalismo sa mga kalahok ay hindi nakatali sa teritoryo ngunit sa pagsasabuhay sa pamamagitan ng wika, damdamin, at pakikipag-ugnayan. Sa ganitong pagbasa, ang paglalakbay ay hindi lamang pisikal na paglipat ng lugar kundi isang simbolikong proseso ng pagdadala ng “bayan” sa loob ng sarili. Ang bawat hakbang sa lansangan ng Japan—mula sa dormitoryo patungong laboratoryo o silid-aralan—ay nagiging paglalakbay rin sa mas malalim na pagninilay: sino ako bilang Pilipino sa isang banyagang lipunan? Habang tahimik na pinagmamasdan ang mundong una’y banyaga ngunit kalauna’y nagiging pamilyar, unti-unting napapaloob ng manlalakbay ang karanasan sa kanyang kalooban, at ang mga simpleng gawain araw-araw ay nagiging paalala ng kanyang pagiging dayuhan at sabay na pagiging kinatawan ng sariling bansa.

Sa puntong ito, ang tinutukoy na *espasyong panloob* ay ang larangan ng kamalayan kung saan nagaganap ang paghubog ng identidad—isang tahimik ngunit masinsing espasyo ng pag-alala, pagdama, at pag-unawa sa sariling pinagmulan. Dito pumapasok ang mga tanong ng pananaw at paninindigan: paano pinanghahawakan ang sariling wika sa gitna ng ibang pang wika? paano pinananatili ang diwa ng pakikipagkapwa sa kulturang may ibang paraan ng pakikitungo? at paano lumalalim ang pagmamahal sa Pilipinas habang mas nararanasan ang distansya? Sa ganitong paraan, ang pisikal na espasyo ng Japan ay nagiging salamin ng panloob na espasyo ng Pilipino – isang lugar ng rekonstruksiyon ng sarili at muling pagbubuo ng pagkakakilanlan.

Mula sa datos o kaalamang teknikal na iniuuwi sa Pilipinas kasama rin nito ay ang mas matibay na kamalayan sa sarili bilang Pilipino sa gitna ng global na konteksto. Ang bawat araw ng pakikibagay, pag-aaral, at pakikipag-ugnayan ay nagiging pagsasanay sa pagiging bahagi ng isang mas malawak na *"bayan"* na hindi nakikita ngunit nararamdaman. Mula sa lente ni Benedict Anderson (2006, pah. 4–5), ang ganitong uri ng karanasan ay maaaring basahin bilang pagganap sa *imagined community* – isang pambansang ugnayang patuloy na umiiral kahit nasa labas ng teritoryal na saklaw ng estado. Sa pamamagitan ng alaala, emosyon, at araw-araw na gawi, nagiging buhay ang bansa sa kamalayan ng indibidwal, kaya't ang nasyonalismo ay nagiging simboliko: hindi ito nakapirmi sa lupain kundi nakaukit sa karanasan at patuloy na isinasabuhay sa paglalakbay.

Bilang isang internasyonal na mag-aaral sa Kagoshima University, lubos kong nauunawaan ang lalim ng mga salaysay ng aking kapwa iskolar. Sa aking sariling karanasan, dama ko ang bigat at ganda ng mga pagbabagong unti-unting naganap sa aking pagkatao lalo na noong mga unang buwan ng paninirahan sa Kagoshima. Sa mga panahong iyon, dahan-dahan kong nasilayan ang pag-usbong ng lakas ng loob, hindi lamang sa pagharap sa hamon ng pag-aaral ng wikang Nihonggo, pakikibagay sa mga kultura, at sa pag-unawa sa sistema ng edukasyon, kung hindi sa tahimik at personal na pagtuklas ng sariling kakayahan.

Ang katatagan na ito ay hindi sumulpot nang biglaan. Ito ay bunga ng araw-araw na pagharap sa mga hamon ng pamumuhay mag-isa sa isang banyagang espasyo. Mula sa unang pagdating pa lamang sa Japan, ramdam ng kalahok ang pagkabigla sa klima, sa kultura, at sa kawalan ng kasanayan sa bagong kapaligiran. Isinalaysay ng isang kalahok ang hirap ng pag-adjust sa malamig na panahon, ang kakulangan sa angkop na damit, at ang pagiging estranghero. Ngunit sa gitna ng mga ito, nagsimulang umusbong ang katatagan sa pamamagitan ng pagtanggap ng tulong mula sa kapwa Pilipino, pagkatuto sa simpleng bagay upang maka-survive o mabuhay, at pag-aangkop sa tahimik at disiplinadong pamumuhay ng mga Hapon. Ang katatagan ay hindi isang katangiang nakuha nang mabilis, ito ay unti-unting paghubog sa bawat hakbang ng pag-aadjust – mula sa bawat tawag sa magulang tuwing gabi, sa pakikisama sa laboratoryo hanggang sa mga sandaling piniling huwag sumuko sa pangungulila. Sa kabuuan, ang katatagan ng mga kalahok ay isinilang sa gitna ng kanilang tahimik ngunit masigasig na pakikibaka sa araw-araw. Mula sa mga maliliit ngunit mahalagang tagpo ng pag-angkop, pag-unawa, at muling pagtuklas sa sarili.

Batay sa karanasan ng mananaliksik, unti-unting nahubog ang katatagan sa araw-araw na pamumuhay nang mag-isa: sa mga hapong kumakain nang walang kasama sa dormitoryo, sa mga gabing naliligaw sa mga di pamilyar na lansangan, at sa paulit-ulit na pagsasanay sa pagsusulat ng Hiragana at Katakana. Lalong tumindi ang mga hamon sa mga sumunod na linggo ng pananatili sa Japan, kung saan kinakailangang sabay na tahakin ang dalawang mundong akademiko—bilang mag-aaral ng PUP sa pamamagitan ng online learning na moda at bilang ganap na mag-aaral ng Kagoshima University. Kasabay nito, patuloy ding tinutugunan ang mga naiwang responsibilidad bilang guro sa Pilipinas, kaya't ang bawat araw ay naging pagsubok sa oras, lakas, at paninindigan. Sa kabila nito, ang mga karanasang ito ang nagsilbing sandigan upang mas lalong tumibay ang loob at mahubog ang kakayahang magpatuloy sa gitna ng pag-iisa at pagbabago.

Sa akademikong aspekto ng kanilang pananatili sa Japan, kapansin-pansin ang masidhing partisipasyon ng mga Pilipinong mag-aaral sa larangan ng siyentipikong pananaliksik, mga eksperimento, at diskusyon sa mga klase. Para sa kanila, ang edukasyon ay hindi lamang personal na pagsulong ngunit isang responsibilidad para sa bayan. Ikinuwento ni Rey na sa kaniyang karanasan, natuto siyang gumamit ng makabagong kagamitan at sumabak sa mga eksperimento na dati'y tila imposibleng maisakatuparan. Ngunit higit pa rito, kanyang binigyang-diin na "*ang talino ay mas nagiging makapangyarihan kapag ito ay naibabahagi sa iba,"* at ginagampanan niya ang gawaing ito hindi lamang para sa sarili ngunit para rin sa bayan. Si Roxy naman ay aktibong lumahok sa mga ekspedisyong pananaliksik kung saan pangunahing gawain niya ang bumuo ng dokumentasyon ng mga isda para sa mga *guidebooks* at mga binubuong pananaliksik. Para sa kanya, ang pinakamalaking tagumpay o pangarap niya ay ang makilala siya bilang isang *Filipino Fish Taxonomist* na may layuning makapaglabas ng mga publikasyong tumutukoy sa mga bagong species – isang ambag na teknikal at may pambansang halaga. Ganoon din ang pananaw ni Mher na nakaranas ng malalim na pagsasanay hinggil sa mga halaman at agrikulturang pananaliksik. Ayon sa kanya, lahat ng ito ay isinasagawa upang *"maibalik sa Pilipinas"* – ito ay isang patunay ng intensyong magsilbi sa bayan sa pamamagitan ng agham. Si Yana naman ay tuwirang iniuugnay ang kanyang mga gawain sa komunidad: *"Lahat ng ginagawa ko sa usapin ng pananaliksik sa agham ay para sa komunidad. Iyan ang pinakapundasyon ko."* Ang ganitong posisyon ay Makabayan na kakikitaan ng pagsusulong sa agham bilang panlipunang tungkulin.

Bukod sa usapin ng pagbubuo ng mga pananaliksik, may mga mag-aaral din na aktibong may partisipasyon sa ilang mga kurso sa unibersidad. Sa larangan ng ekonomiya, naramdaman ni Winter ang paglawak ng kanyang pananaw lalo na hinggil sa mga estruktura at ugnayang pang-ekonomiya ng mga bansa sa Silangang Asya. Ang kanyang pag-aaral ay naging lente upang mas maunawaan ang mga global na prosesong may implikasyon nito sa Pilipinas. Nagkaroon din siya ng pagkakataon na ibahagi sa ilang mag-aaral na Hapones ang kalagayang pang-ekonomiya ng Pilipinas – ang mga hamon ng kawalang trabaho, ang pagdepende ng bansa sa *remittances* ng mga OFW, at ang patuloy na paglaban sa epekto ng kolonyal na kasaysayan sa kasalukuyang ekonomiya. Hindi rin niya pinalampas na talakayin ang kalagayan ng wikang Ingles sa Pilipinas.

Bagama't opisyal na wika ito at ginagamit sa edukasyon at pamahalaan, binigyang-diin niya ang hindi pantay-pantay na akses dito.

Ang mga salaysay ng mga kalahok ay nagpapakita ng isang kolektibong hangarin: ang makibahagi sa pandaigdigang produksiyon ng kaalaman habang pinanghahawakan ang responsibilidad sa bayan. Sa pamamagitan ng kanilang partisipasyon sa pananaliksik at publikasyon, sila ay aktibong bumubuo ng papel bilang mga edukadong Pilipino na mulat sa tungkulin sa sarili, sa agham, at sa bansa. Ito rin ay nagpapakita ng malalim na akademikong pag-unlad na nakaangkla sa paglinang ng teknikal na kaalaman at sa isang makabayan at etikal na pananaw. Ang mga anyo ng paglagong ito ay hindi lamang nagpapakita ng pagsulong sa kani-kanilang larangan, ito ay malinaw na pagiging aktibong pakikibahagi at pakikilahok bilang mga Pilipinong iskolar sa pandaigdigang produksyon ng kaalaman. Sa pamamagitan ng kanilang aktibong partisipasyon sa larangan ng agham, pananaliksik, internasyonal na publikasyon, at mga diskusyon, ang mga Pilipinong mag-aaral sa Kagoshima University ay maaaring ituring bilang bahagi ng makabagong *intelligentsia* – isang uri ng edukadong uring may mahalagang papel sa paghubog ng pambansang imahe sa pandaigdigang konteksto. Ayon kay Benedict Anderson (2006), "*it is generally recognized that the intelligentsias were central to the rise of nationalism in the colonial territories*" (p. 116). Kinikilala ang *intelligentsia* o ang edukadong uri ng lipunan na may mahalagang papel sa pag-usbong ng nasyonalismo sa mga bansang nasa ilalim ng kolonyal na pamamahala. Ang *intelligentsia* ay tumutukoy sa mga iskolar, manunulat, guro, mamamahayag, at iba pang propesyunal na nagtataglay ng mataas na antas ng edukasyon at kakayahang mag-isip nang kritikal hinggil sa kalagayan ng lipunan at politika. Dahil sa kanilang edukasyon na kadalasang nakamit sa ibang bansa, nagkaroon sila ng mas malawak na kamalayan tungkol sa mga ideya ng bansa, kalayaan, at pagkakakilanlan. Sa pamamagitan ng kanilang mga akda, pahayagan, at iba pang anyo ng diskurso, naipakalat nila ang kamalayang pambansa at napuna ang mga limitasyon at pang-aapi ng kolonyal na pamamahala. Sa ganitong paraan, ang *intelligentsia* ay naging mahalagang puwersa sa paghikayat sa mga mamamayan na isipin ang kanilang sarili bilang bahagi ng isang mas malawak na pamayanang pambansa. Ang kanilang akademikong pag-unlad ay personal na tagumpay kaakibat nito ang mga kolektibong kontribusyon sa proyekto ng pambansang pag-unlad sa pamamagitan ng kaalaman at siyentipikong produksyon. Ilan sa mga konkretong patunay ng kanilang ambag ay ang mga isinulat at nailathalang pag-aaral sa internasyonal na publikasyon.

Kabilang dito ang pananaliksik sa agham agrikultura tulad ng *“Halopriming in the submergence-tolerant rice variety improved the resilience to salinity and combined salinity-submergence at the seedling stage”* (2024), at *“Storability and Survival of Primed Rice Seed of Interspecific Progeny NERICA 4 in Tropical and Sub-Tropical Conditions”* (2022); mga pag-aaral sa binhing palay sa ilalim ng matinding kondisyon: *“Enhanced Seed Viability of Primed Oryza Glaberrima Compared to Oryza Sativa…”* (2023) at *“Primed Seeds of NERICA 4 Stored for Long Periods…”* (2023). Samantala, may mga pananaliksik din sa larangan ng *marine biology* gaya ng *“Monophyly and re-definition of the Indo-Pacific scorpionfish genus Parascorpaena”* (2024), *“Sebastapistes monospina, a new species of scorpionfish (Teleostei: Scorpaenidae) from the South Pacific Ocean”*

(2025), at *"Recently published Red Sea record of Parascorpaena mossambica…"(*2024). Maging sa larangang panlipunan, tampok ang pag-aaral na *"Current Status and Future Prospects of Foreign Labor on Okinoerabu Island."* Ang lahat ng ito ay nagpapakita na ang kanilang paglalakbay bilang internasyonal na mag-aaral ay sabay sa paglalakbay patungo sa karunungan at kolektibong responsibilidad. Sa pamamagitan ng paglalathala, naisasabuhay nila ang papel bilang mga intelektuwal na Pilipino sa banyagang espasyo, bitbit ang kaalaman, pagkakakilanlan, at malasakit para sa sariling bayan. Ito yaong sinasabi ni Aguilar (2015) na *population dispersal* na ang kanilang presensya sa Japan, bilang mga mag-aaral ay bahagi ng makabagong anyo ng diaspora kung saan ang edukasyon ang naging dahilan ng pag-alis at hindi lamang tradisyunal na hanapbuhay. Ang karanasang ito ng pamumuhay sa dayuhang espasyo ay bahagi ng mas malawak na dispersyon ng mga Pilipino bilang mga iskolar at propesyonal na pansamantalang humiwalay sa sariling bayan upang tuparin ang mga personal at pambansang aspirasyon.

Ito ay pagpapakita lamang na ang mga mag-aaral ay hindi lamang pasibong tumatanggap ng kaalaman ngunit aktibong nakikilahok bilang mga tagapaghatid ng isang bagong anyo ng pambansang representasyon. Ito rin ay humuhubog at nagpapalitaw ng mga panibagong anyo ng pagka-Pilipino at nasyonalismo sa pamamagitan ng kanilang aktibong partisipasyon sa pandaigdigang produksyon ng kaalaman at agham. Mula sa sipi ng salasay ni Mher:*"Bilang mag-aaral sa UP, nakikita ko ang papel ko sa KU bilang isang kinatawan. Tagapag-ugnay sa potensyal na akademikong kolaborasyon…hindi lamang ako naririto upang tumanggap ng kaalaman ngunit upang magbigay rin ng ideya, karanasan, at ng kabuoang pagkataong Pilipino…"*.

Sa ganitong liwanag, ang pagsusumikap ng mga kalahok sa pagtatapos ng mga eksperimento at sa pagsusulat ng mga akademikong papel ay hindi lamang personal na tagumpay ngunit bahagi ng isang kolektibong adhikain. Ito ay pagsasabuhay ng imahe ng isang makabago, matatag, at intelektuwal na Pilipino na may kakayahang makipagsabayan sa pandaigdigang produksiyon ng kaalaman. Sa pamamagitan ng kanilang akademikong gawain, isinasakatawan nila ang bansa sa mga internasyonal na espasyo ng karunungan – bitbit ang dignidad at husay ng isang Pilipinong iskolar.

Ang pananaw na ito ay maaaring maiugnay sa sinasabi ni Benedict Anderson sa kabanatang *The Last Wave* ng kanyang aklat na *Imagined Communities* kung saan ipinapakita na ang nasyonalismo ay maaari ring muling maisip at maisabuhay sa pamamagitan ng *knowledge production* (Anderson, 2006, p. 140). Ayon kay Anderson, ang mga intelektwal at iskolar mula sa mga dating kolonya ay aktibong nakikibahagi sa mga pandaigdigang diskurso bilang mga kalahok at mga tagapagdala ng sariling kasaysayan, identidad, at pananagutan. Ang ganitong pagkilos ay isang anyo ng paglilingkod – isang responsableng pagharap sa hamon ng kaalaman para sa sariling kapakanan at para sa bayan. Patunay sa ganitong pananaw ang pahayag ng isang kalahok: *"…hindi madali ang maglakad sa isang banyagang lupa, pinaaalala ko sa sarili na ako ay naririto hindi lang para matuto kundi upang magrepresenta."* Sa pahayag na ito, malinaw na ang kanilang presensya sa akademikong espasyo ng Japan ay may dalang layunin na lampas sa personal na ambisyon at ito ay isang anyo ng pambansang representasyon. Isang pagsasakatawan ng pagka-Pilipino sa larangan ng siyensiya,

pananaliksik, at intelektwal na ugnayan. Sa ganitong kalagayan ay nagkakaroon ng muling pagtutukoy ng koneksyon sa bayan habang aktibong nakikilahok sa mga global na larangan. Kaya't ang kaalamang tinatamo ng mga mag-aaral sa Japan ay hindi lamang personal na yaman kundi isang anyo ng pakikiambag sa kolektibong imahen ng bansa sa diaspora – isang diasporikong kaakuhan na may tungkulin sa bayan. Gayunman, kasabay ng makabayang layuning ito ay ang tahasang pagkilala rin sa mga kakulangan sa sariling bayan. Isa sa mga dahilan kung bakit nagtungo sila sa Japan ay dahil sa mga limitasyon at oportunidad sa Pilipinas. *"Pumunta ako sa Japan dahil hindi sapat ang aking datos sa Pilipinas para sa aking pananaliksik,"* ani ng isang kalahok. Dagdag pa ni Roxy, *"Ang paglipat ko sa Japan ay isang hakbang pasulong sa landas na matagal ko nang tinatahak, mahalaga ang paglalakbay na iyon sa pagsasapinal ng aking research paper."* Sa parehong linya, ibinahagi rin ni Yana: *"Nangangailangan ng marami pang datos at eksperto sa pagkilala ng isda, dito ko naisipang mag-aplay ng programa sa Japan na nagbibigay ng oportunidad para sa mga graduate students na makaranas ng pananaliksik sa ibang bansa."*

Sa ganitong mga salaysay, lumilitaw na ang akademikong mobilidad ay bunga hindi lamang ng ambisyong personal ngunit dulot din ng ilang mga kakulangan. Ang kakulangan sa pasilidad, dalubhasa, at suporta sa pananaliksik sa sariling bayan ay nagtutulak sa mga iskolar na lumipat sa ibang bansa. Bagaman boluntaryo ang kanilang pag-alis, ito ay nag-ugat din sa mga limitasyon at kakulangan sa Pilipinas na isang aspekto ng diaspora na binibigyang-diin ni Aguilar (2015) bilang hindi laging sapilitan, ngunit kadalasang produkto ng panlipunang di-pagkakapantay-pantay sa tinubuang-lupa. Subalit sa kabila nito, hindi nawawala ang intensyon na dalhin pabalik ang kaalaman, kasanayan, at pananaw sa sariling bansa. Kaya maituturing na ang kanilang presensya sa Japan ay maaaring basahin bilang parehong tugon sa kakulangan at pagsasabuhay ng pangakong intelektwal para sa bayan.

Sa kanilang pag-amin sa kakulangan ng datos at eksperto sa Pilipinas, inihahayag nila ang isang anyo ng *intelektwal na pag-aalala*. Ito ang nagtulak sa mga kalahok na humanap ng oportunidad sa labas ng bansa hindi upang talikuran ang sariling bayan ngunit para mapunan ang mga puwang sa sistemang pang-akademiko at agham ng Pilipinas. Partikular na naging malinaw sa akin ang kahulugan ng tungkulin ng isang Pilipina sa akademiya nang ako ay magtungo sa Nagoya. Sa pagkakataong iyon, naranasan ko ang isang uri ng pagtingin na hindi nakabatay sa mga negatibong stereotype na karaniwang iniuugnay sa mga Pilipina sa ibang bansa, lalo na ang pagtingin sa kanila bilang mga *entertainer*. Sa halip, ang paggalang at respeto na ipinakita ng mga lokal na nakaugat sa pagkilala bilang isang iskolar at kinatawan ng Pilipinas sa larangan ng agham at edukasyon. Sa tingin ko, ang ganitong uri ng pagtanggap ay hindi lamang para sa akin bilang indibidwal ngunit sa ideya na may mga Pilipina na nasa sentro ng intelektwal na diskurso. Ang karanasang ito ay nagsilbing kongkretong patunay na ang imahe ng kababaihang Pilipino ay maaaring muling hubugin mula sa pagiging tahimik na tagapagsilbi tungo sa pagiging aktibong kalahok at kinatawan sa produksyon ng pandaigdigang kaalaman. Sa ganitong pananaw, ang pagiging isang babaeng Pilipina sa akademikong larangan ay higit pa sa pagkamit ng personal na tagumpay o internasyonal na akreditasyon. Ito ay isang anyo ng

responsableng representasyon – isang tahimik ngunit makapangyarihang tugon sa mga kasaysayang hindi pantay at sa mga pananaw na minsang naging mapanghusga. At ito ay upang maglingkod sa bayan at sabay na buoin ang isang mas makatarungan at mapagkalingang imahen ng Pilipina sa pandaigdigang tanaw**.**

## Konklusyon

Mula sa mga salaysay na nakapaloob sa mga *memoir* ng mga Pilipinong internasyonal na mag-aaral sa Kagoshima University, natuklasan ng mananaliksik ang kompleks ngunit makahulugang karanasan ng mga kalahok bilang mga mag-aaral sa banyagang konteksto. Sa pamamagitan ng *reflexive thematic analysis*, nabuo ang tema na sumasalamin sa kanilang personal at pang-akademikong pag-unlad ng mga kalahok na hindi lamang usapin ng personal ngunit ngunit laging kaakibat ang bayan.

Sa kanilang mga salaysay, lumitaw ang masinsin at masalimuot na transpormasyon ng pagkatao. Sa personal na dimensyon, ipinakita ng mga kalahok ang isang introspektibong paglalakbay na kinapapalooban ng pag-aangkop sa bagong kultura, pamumuhay nang mag-isa, at patuloy na paglinang ng sariling kakayahan at tiwala sa sarili. Ang ganitong proseso ng pag-unlad ay hindi lamang nakaangkla sa indibidwal na mithiin, kundi nakaugat din sa kanilang pananagutang moral bilang kinatawan ng Pilipinas sa isang banyagang lipunan. Samantala, sa larangan ng akademya, nakita ang aktibong partisipasyon ng mga kalahok sa gawaing pananaliksik, publikasyong internasyonal, at kolaborasyong pangkaalaman na nagsisilbing patunay ng kanilang intelektwal na ambag. Sa ganitong konteksto, ipinahihiwatig ng pag-aaral na ang edukasyon sa ibayong dagat ay hindi lamang mekanismo ng personal na pag-angat, kundi isang transnasyonal na espasyo kung saan ang pag-unlad ng indibidwal ay nagiging daluyan ng pagnanais na makapag-ambag sa bayan.

Sa kabuoan, ang pag-aaral na ito ay may mahalagang ambag sa pagpapalalim ng pag-unawa kung paanong ang mga Pilipinong internasyonal na mag-aaral sa Kagoshima, Japan ay patuloy na humuhubog ng kanilang pagkatao, kaalamang akademiko, at ugnayang panlipunan habang pinanghahawakan ang kanilang koneksyon sa bayan.

## Rekomendasyon

Batay sa mga natuklasan ng pag-aaral, inirerekomenda na higit na hikayatin ang mga Pilipinong internasyonal na mag-aaral na aktibong idokumento ang kanilang mga karanasan sa anyo ng *journal, memoir, blog*, at iba pang akademikong awtput upang mapangalagaan ang kolektibong gunita ng pangingibang-bayan. Bukod dito, maaaring ibilang at ikonsidera rin ang mga simpleng paglalakbay na maitala rin, ito man ay sa loob o labas ng bansa. Sa pamamagitan nito, naitatala hindi lamang ang mahahalagang yugto ng personal at intelektwal na paglalakbay ngunit nagiging daluyan din ito ng pagpapatuloy ng kamalayang Makabayan. Kaugnay nito, mahalaga ring palakasin ng mga institusyong pang-edukasyon ang kurikulum at pananaliksik hinggil sa diaspora, transnasyonal na identidad, at kontemporanyong anyo ng pagka-Pilipino sa labas ng bansa upang mas mapalawak ang kritikal na pag-unawa sa mga karanasan ng mga Pilipino.

Gayundin, dapat gampanan ng mga embahada at konsulado ang mas aktibong papel hindi lamang sa pagbibigay ng legal na tulong at maging sa pagsuporta sa mga gawaing kultural, intelektwal, at akademiko ng mga Pilipinong mag-aaral upang mapalalim ang kanilang koneksyon sa bayan.

Mahalaga ring kilalanin ng Pilipinas ang mga mag-aaral sa ibang bansa bilang bahagi ng intelektwal na kapital ng bansa sa pamamagitan ng pagtataguyod ng mga programang pang-reintegration, patuloy na *scholarship support*, at mga mekanismo para sa disiminasyon ng kanilang mga pananaliksik at natutunang karanasan upang magamit sa lokal na kaunlaran. Sa huli, iminumungkahi rin ang pagpapalakas ng support systems sa mga unibersidad sa Japan at iba pang bansa gaya ng Filipino student organizations, *mentoring programs,* at *cross-cultural exchange initiatives* upang mapagtibay ang identidad, seguridad, at pakikipag-ugnayan ng mga kabataang Pilipinong nasa diaspora.

## Mga Etikal na Konsiderasyon

Sa pananaliksik na ito, mahigpit na isinasaalang-alang ang mga pamantayang etikal upang mapangalagaan ang karapatan, kapakanan, at dignidad ng mga kalahok. Boluntaryo ang kanilang paglahok at isinagawa ang *informed consent* matapos ipaliwanag ang layunin, saklaw, at proseso ng pag-aaral, kabilang ang kanilang karapatang umatras anumang oras. Pinanatili ang pagiging kumpidensyal sa pamamagitan ng paggamit ng mga alyas at maingat na paghawak ng datos alinsunod sa mga prinsipyo ng *data privacy*. Isinaalang-alang din ang kanilang emosyonal at sikolohikal na kalagayan sa pagbibigay ng sapat na kalayaan sa pagsulat ng memoir. Sa pagsusuri, tiniyak ang patas at responsableng interpretasyon ng datos, walang umiiral na *conflict of interest*, at ang lahat ng resulta ay ginamit lamang para sa layuning akademiko.

## REFERENCES

Abdallah, J. C., & Guhao, E. S., Jr. (2025). FILIPINO GRADUATE STUDENTS IN FOREIGN UNIVERSITIES: A PHENOMENOLOGICAL INQUIRY. European Journal of Education Studies, 12(2). https://doi.org/10.46827/ejes.v12i2.5827

Aguilar, F. V. Jr. (2015). *Is the Filipino diaspora a diaspora?* Critical Asian Studies, 47(3), 440–461. https://doi.org/10.1080/14672715.2015.1057392

Ancho, I., & Park, S. (2021). Cross-Border Education: The experiences of Filipino Scholars educated in South Korea. https://so03.tci-haijo.org/index.php/sduhs/article/view/268156

Anderson, B. (1983). Imagined communities: Reflections on the origin and spread of nationalism. London, UK: Verso.

Anderson, B. (1991). Imagined communities: Reflections on the origin and spread of nationalism (Rev. ed.). London, UK: Verso.

Hidalgo, C. P. (2005). Creative Nonfiction: *A manual for Filipino Writers*. Manila, Philippines: University of the Philippines Press.

ICEF Monitor. (2023, March 22). *Outbound mobility trends for five key sending markets in Asia*. ICEF Monitor. https://monitor.icef.com/2023/03/outbound-mobility-trends-for-five-key-sending-markets-in-asia/?utm_source=chatgpt.com

Khamkhong, Y., Jamrassri, P., Soparat, S., & Payakkhin, A. (2024). The learning Experiences of Filipino students in an international exchange program in Thailand. Phranakhon Rajabhat University file:///C:/Users/My%20PC/Downloads/7.

Messer, D., & Wolter, S. C. (2006b). Are student exchange programs worth it? Higher Education, 54(5), 647–663

Rizvi, F., & Lingard, B. (2009). Globalizing education policy. In Routledge eBooks. https://doi.org/10.4324/9780203867396

Takaya, K. (2016). Needs assessment for exchange students in Taiwan. Journal of International and Comparative Education (JICE), 33-45. https://mjir.um.edu.my/index.php/JICE/article/view/2750

**APA Citation:**

Soliven-Artuza, R. T. (2026). SA PAGITAN NG SARILI AT BAYAN: PAGSUSURI SA MEMOIR NG MGA PILIPINONG INTERNASYONAL NA MAG-AARAL HINGGIL SA PERSONAL AT PANG-AKADEMIKONG PAG-UNLAD SA JAPAN. Ignatian International Journal for Multidisciplinary Research, 4(4), 502–518. https://doi.org/10.5281/zenodo.19549996

*rtsoliven@ust.edu.ph*